**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-9 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 015-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAIUKOL LAMANG SA PROGRAMA SA PANGINGISDA ANG LAHAT NG PONDONG IBINABAHAGI SA PAMAHALAANG BAYAN MULA SA FISHPEN FEE SHARE NG LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY (LLDA).

**SAPAGKA'T,** ang Pamahalaang Bayan ay may tinatanggap na kabahagi sa "Fishpen Fee Share" ng Laguna Lake Authority para sa mga programang pangingisdaan at pangkapaligiran;

**SAPAGKA'T,** ang Pambayang Konseho sa Pangangasiwa ng Pangisdaan at Katubigang Yaman (PKPPKY) ay isang samahan ng mga mangingisda sa bayang ito na aktibong gumaganap sa kanilang pamamalakad at pagpapaunlad ng pangisdaan sa Lawa ng Laguna;

**SAPAGKA'T,** ang mga kasapi dito ay pawang mga mamamayan ng bayang ito at layunin ng Pamahalaang Bayan na matulugan ang mga mangingisda upang maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay;

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang Pambayang Konseho sa Pangangasiwa ng Pangisdaan at Katubigang Yaman na tukoy na maiukol sa mga programa at proyekto sa pangingisda ang naturang halagang tinatanggap ng pamahalaang bayan sa LLDA;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at BernardoE. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na maiukol lamang sa programa sa Pangingisda ang lahat ng pondong ibinabahagi sa pamahalaang bayan mula sa Fishpen Fee Share ng Laguna Lake Development Authority (LLDA).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Pagsasaka Pambayang Ingat-Yaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

**NARCISO O. INFANTE**
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo
7/18/98

**PINAGTIBAY:**

**ENRIQUE R. BAUTISTA**
Punong Bayan